

Ipinakilala ng INOI ang INOI Privé Program sa First APAC Distributor Meeting sa Indonesia

Ang INOI Corporation ay nagpapakilala ng INOI Privé Program, nagbabago sa mobile distribution sa eksklusibong benepisyo para sa mga global na partner.



JAKARTA, INDONESIA, April 17, 2024 /EINPresswire.com/ -- Buong pagmamalaking ipinakilala ng INOI Corporation ang INOI Privé Program, isang makabagong proyekto na naglalayong baguhin ang modelo ng pamamahagi sa industriya ng mobile. Ipinakilala ang proyektong ito sa isang mahalagang pagtitipon sa Jakarta, Indonesia, noong Abril 17, 2024. Ang meeting na ito ay nagpapakita ng isang mahalagang sandali sa isang serye ng mga strategic na pagtitipon na nagsimula sa Mobile World Congress (MWC) sa Barcelona, na nagbibigay-diin sa pangako ng INOI para sa pagbabago at kahusayan sa mobile na pamamahagi.

Ang INOI Privé Program ay nakahanda nang magtakda ng bagong pamantayan sa sektor ng mobile na pamamahagi, na nag-aalok sa mga piling network at pangunahing distributor sa buong mundo ng mga eksklusibong benepisyo. Nakatuon ang programa sa pagpapahalaga sa tiwala, pagtutulungan, at dagdag na kita para sa mga global na kasosyo ng INOI, na nagbibigay-diin sa pangako ng kompanya para sa tuloy-tuloy na paglaki at pag-unlad ng negosyo.

Binigyang-diin ni Yoonsoo Kim, CEO ng INOI, ang kahalagahan ng paglulunsad na ito, sa pagsasabing, "Habang nagtitipon tayo sa Indonesia ngayon, ang paglulunsad ng INOI Privé ay nagtakda ng isang makasaysayang yugto para sa amin. Sinisimbolo nito ang matatag naming pangako sa aming mga kasosyo at sa aming pangarap na mapalaki nang lubusan ang aming presensya sa rehiyon ng APAC. Sa pagsali ng Indonesia sa aming network, kasama ng Vietnam, Thailand, Malaysia, at Pilipinas, nakatakda kaming gumawa ng malaking epekto sa dynamic market na ito. Mula nang ilunsad ang brand ng INOI noong 2016, tuloy-tuloy naming isinulong ang pagpapalawak, lalo na sa mga umuunlad na bansa, na naglalayong magbigay ng accessible at secure na digital na connectivity. Sa pamamagitan ng aming global headquarters na nasa Dubai ngayon at ng aktibong pakikipag-usap sa mga pangunahing kumikilos sa iba't ibang rehiyon, magagawa nating maitatag ang ating presensya sa 40 bansa sa katapusan ng 2024, kung saan ang rehiyon ng APAC ang pinakasentro ng ating paglalakbay."

Bukod sa INOI Privé Program, inanunsyo ng kompanya ang pagpapalawak ng mobile device

portfolio nito sa rehiyon. Ang 2024 lineup ay nagpapakita ng dedikasyon ng INOI sa paghahatid ng mobile technology na abot-kaya at nakatuon sa pangangailangan ng mga user sa buong mundo. Kasama sa mga kahanga-hangang bagong modelong ipinakilala sa MWC 2024 sa Barcelona, na inaasahang ilalabas sa rehiyon ng Southeast Asia sa ikalawang quarter, ang INOI A54 smartphone, na nagkakahalaga ng \$139*. Nag-aalok ang device na ito ng ibang klaseng videography gamit ang 50 MP na camera nito, tumatakbo sa isang mabilis na processor ng MediaTek Helio G88, at sumusuporta sa hanggang 256GB ng memory. Binabago ng inoiPad Max tablet, na nagkakahalaga ng \$349*, ang karanasan sa paggamit tablet gamit ang isang 12.6" high-resolution screen, isang naaalisan na keyboard, isang high-performance na chipset, at isang 10,000mAh na baterya, na parehong may pakinabang sa trabaho at libangan.

*Ang mga presyong binanggit ay mga paunang pagtatantya ng nakaplanong average na global retail price. Puwedeng magkakaiba ang aktuwal na panrehiyong presyo dahil sa mga lokal na buwis, mga duty sa pag-iimport, at mga rate ng palitan. Tungkol sa INOI: Ang INOI ay isang European technology brand na kilala sa mabilis na pagpapalawak nito sa buong mundo at pamamaraang nakatuon sa pangangailangan ng mga customer. Nag-aalok ng iba't ibang mga produkto kabilang na ang mga Smartphone, Tablet, at Feature Phone, pinangangatawanan ng INOI ang kalidad at pagiging abot-kaya. Mas pinagtibay ng leadership team ang pangako ng brand sa kahusayan at pandaigdigang pakikipag-ugnayan dahil sa karanasan nito mula sa Samsung at Nokia. Para sa higit pang mga detalye tungkol sa INOI at sa aming mga produkto, pumunta sa opisyal na website ng INOI.

Sumali sa Pamilya ng INOI:

- Pumunta sa opisyal na website ng INOI <https://inoi.com> para tuklasin ang aming mundo.
- Sundan ang nangyayari sa amin sa Instagram https://www.instagram.com/inoi_global/ at Facebook (<https://www.facebook.com/inoiglobal>)

INOI Global Mobile Phones LLC TRN 100507096400003

INOI GLOBAL MOBILE PHONES L.L.C., TRN 100507096400003

+971 52 478 4957

[email us here](#)

Visit us on social media:

[Facebook](#)

[LinkedIn](#)

[Instagram](#)

[YouTube](#)

[TikTok](#)

This press release can be viewed online at: <https://www.einpresswire.com/article/703936360>

EIN Presswire's priority is source transparency. We do not allow opaque clients, and our editors try to be careful about weeding out false and misleading content. As a user, if you see something we have missed, please do bring it to our attention. Your help is welcome. EIN Presswire, Everyone's Internet News Presswire™, tries to define some of the boundaries that are reasonable

in today's world. Please see our Editorial Guidelines for more information.

© 1995-2024 Newsmatics Inc. All Right Reserved.